## MGA PINAHIHINTULUTAN NA TAUNANG PAGTATAAS NG UPA

Puwedeng taasan ng nagpapaupa (landlord) ang batayang renta ng umuupa (tenant) nang isang beses kada 12 buwan batay sa halaga ng pinahihintulutan na taunang pagtatataas ng upa, nang hindi nagfa-file ng petisyon sa Rent Board (Lupon para sa Pagpapaupa). **Simula Marso 1, 2021 hanggang Pebrero 28, 2022, ang pinahihintulutan na taunang pagtataas ng upa ay 0.7%.** Nakabatay ang halagang ito sa 60% na pagtaas ng Consumer Price Index (nagpapakita ng pagkakaiba-iba ng mga presyong ibinabayad ng karaniwang konsumer sa mga ibinebenta) Para sa Lahat ng Taga-lungsod na Konsumer sa Bay Area, at ipinaskil ito na nasa 1.1% noong Nobyembre 2020 ng Kawanihan ng Istatistika sa Paggawa (Bureau of Labor Statistics). Upang makalkula ang halaga sa dolyar ng 0.7% na taunang pagtataas ng upa, i-multiply ang batayang upa ng tenant nang .007. Halimbawa, kung $1,500.00 ang batayang renta ng umuupa, kakalkulahin ang taunang pagtataas gaya ng sumusunod: $1,500.00 x .007 = $10.50. Magiging $1,510.50 ($1,500.00 + $10.50) na ang bagong batayang renta ng umuupa.

| Panahon ng Pagiging Epektibo | Halaga ng Pagtaas |
|---|---|
| Marso 1, 2021 – Pebrero 28, 2022 | 0.7% |
| Marso 1, 2020 – Pebrero 28, 2021 | 1.8% |
| Marso 1, 2019 – Pebrero 29, 2020 | 2.6% |
| Marso 1, 2018 – Pebrero 28, 2019 | 1.6% |
| Marso 1, 2017 – Pebrero 28, 2018 | 2.2% |
| Marso 1, 2016 – Pebrero 28, 2017 | 1.6% |
| Marso 1, 2015 – Pebrero 29, 2016 | 1.9% |
| Marso 1, 2014 – Pebrero 28, 2015 | 1.0% |
| Marso 1, 2013 – Pebrero 28, 2014 | 1.9% |
| Marso 1, 2012 – Pebrero 28, 2013 | 1.9% |
| Marso 1, 2011 – Pebrero 29, 2012 | 0.5% |
| Marso 1, 2010 – Pebrero 28, 2011 | 0.1% |
| Marso 1, 2009 – Pebrero 28, 2010 | 2.2% |
| Marso 1, 2008 – Pebrero 28, 2009 | 2.0% |
| Marso 1, 2007 – Pebrero 29, 2008 | 1.5% |
| Marso 1, 2006 – Pebrero 28, 2007 | 1.7% |
| Marso 1, 2005 – Pebrero 28, 2006 | 1.2% |
| Marso 1, 2004 – Pebrero 28, 2005 | 0.6% |
| Marso 1, 2003 – Pebrero 29, 2004 | 0.8% |
| Marso 1, 2002 – Pebrero 28, 2003 | 2.7% |
| Marso 1, 2001 – Pebrero 28, 2002 | 2.8% |
| Marso 1, 2000 – Pebrero 28, 2001 | 2.9% |
| Marso 1, 1999 – Pebrero 29, 2000 | 1.7% |
| Marso 1, 1998 – Pebrero 28, 1999 | 2.2% |
| Marso 1, 1997 – Pebrero 28, 1998 | 1.8% |
| Marso 1, 1996 – Pebrero 28, 1997 | 1.0% |
| Marso 1, 1995 – Pebrero 29, 1996 | 1.1% |
| Marso 1, 1994 – Pebrero 28, 1995 | 1.3% |
| Marso 1, 1993 - Pebrero 28, 1994 | 1.9% |
| *** Disyembre 8, 1992 – Pebrero 28, 1993** | **1.6%*** |
| ***Marso 1, 1992 – December 7, 1992** | **4.0%*** |
| Marso 1, 1984 – Pebrero 29, 1992 | 4.0% |
| Marso 1, 1983 – Pebrero 29, 1984 | 7.0% |
| Abril 1, 1982 – Pebrero 28, 1983 | 7.0% |

*** Mag-ingat: Isa LAMANG sa dalawang pagtataas na ito ang puwedeng ipataw para sa panahon na mula Marso 1, 1992 hanggang Pebrero 28, 1993, batay sa petsa ng anibersaryo ng umuupa o sa petsa ng huling pagtaas.**



25 Van Ness Avenue #320
San Francisco, CA 94102-6033
www.sfrb.org
Phone 415.252.4600
rentboard@sfgov.org